Nasaan na Kaya si Arman?

DELFIN H. MUNDALA JR.

Hindi ko alam kung bakit hanggang ngayon palagi ko pa ring hinahanap si Arman sa isa sa malawak at maingay na siyudad ng Kamaynilaan. Dito sa Quezon City Memorial Circle nakasentro ang paghahanap ko kay Arman. Anong meron sa pangalang Arman na sa dinami-dami ng mga taong aking nakakasalamuha sa araw-araw, bakit nagbabasakaling marinig ko siyang tumatawag sa akin habang nakalatag ang mga produkto sa tabi ng daan, sumusigaw ng mga rota ng pampasaherong sasakyan, nakatambay sa daan o saan man. Si Arman na kengkoy pero matapang. Hindi kaya dahil kahulugan ng pangalan niyang Arman na Man in the army sa German at French. God's Man naman sa Armenian, at Wish at longing naman sa Persian. Ano't ano man ang dahilan, bakit inaalala ko pa rin ang kababatang lumisan sa sulok na aking pinagmulan - ang merkado.

Mula ako sa isang sulok ng siyudad ng Mindanao, sa Iligan. Walong daang kilometro sa Timog-Silangan ang layo nito sa Maynila. Kabilang ako sa grupo ng kabataan sa isang bahagi ng Wet Market na malapit sa pyer ng Iligan; kami ang tinatawag na "Batang Merkado." Ang Wet Market ay makikita malapit sa pyer na katabi ng Public Market, kulay dalandan na hugis rektanggulo ang bubong, gawa sa puting tiles ang mga stall na may kanya-kanyang gripo ang tindahan ng isda, karne at mga lamang-dagat ang makikita sa looban ng merkado. Sa harapan nama'y mga sari-sari store, tindahan ng gulay, bigas at prutas. Nasa likod ng Wet Market ang Reclamation Area, nakahilirang karinderya sa may tabing-dagat, isang kalsada lamang ang pagitan ng Reclamation at Wet Market. Doon naninirahan ang karamihan sa mga "Batang Merkado." Mga anak, apo, kamag-anak ng mga may-ari ng tindahan sa Reclamation Area ang bumubuo sa "Batang Merkado."

Sa maingay na merkado, natutong kaming maghanapbuhay, maglaro. Madalas nagiging laro ang paghahanapbuhay. Nagwa-washing ng mga sasakyan, taga-karga ng mabibigat na produkto, taga-tapon na basura, naglalako ng silopin at panrekado sa bumibili ng isda at karne, nagtitinda ng mani, mangga at paminsan-minsan balot. Kahit ano basta pwedeng pagkakakitaan kahit panglilimos na madalas nangyayari lang tuwing kapaskuhan. May nagmamagandang loob din naman.

Sa malungkot na sulok ng Merkado namin nahanap ang kasiyahan, nagiging katahimikan ang ingay mula sigawan ng nagbubuhat ng banyera, tindera ng isda, gulay, karne, dry goods at iba pa. Musika ang bosina ng sasakyan, lagapak ng mga paa ng kabayo mula sa Tartanilya o Kalesa. Musika sa amin ang hampas ng sundang o itak sa mga tadtaran, pingkian ng mga banyera. Ang alingawngaw ng sigawan, awayan, habulan, taguan. Naghahabulan, baril-barilan, taga-tagaan, nakahandusay na katawan ng lasing sa gutter na minsa'y hindi masigurado kung buhay o patay. Maliwanag sa amin ang madilim na sulok na kinalalagyan. Umiikot ang buhay namin sa espasyo ng merkado. Umiikot ang aming malawak na pang-unawa, na ang mundong ginagalawan ay kasingliit ng espasyong aming kinalalagyan sa merkado.

Habang inaaninag ang malabong kinabukasan, sinusandan naming ang bakas ng kapalaran. Isang araw isang damit, isasampay sa balikat kapag puno ng pawis. Wala kaming pakialam sa tingin ng mga tao sa amin, ang importante magising kinaumagahan at patuloy

na sasalubungin ang bagong araw, na may halos parehong mga kaganapan. Wika nga, matatag kami sa pagsalubong sa pang-araw-araw na laban ng buhay.

Karaniwan na rin sa amin ang mangangamoy iskinita, mangangamoy merkado, amoy mula sa nagkukumpulang mga banyera, nabubulok na mga panininda at putik sa mga maruruming paa na umapak sa basang semento at mala sirenang bunganga ng mga bungagerang lab-asera. Kontento na kami sa uri ng pamumuhay namin sa sulok na yon ng merkado. Dito ko nakasama at nakalaro si Arman. Hudas ang palayaw niya na tawag ko rin sa kanya.Hindi ko batid kung bakit iyon ang palayaw niya pero siya palagi ang pambato namin siya kapag may mga tinutukso kaming mga bata sa daan para makipagsuntukan. Halimbawa, mapapadaan kami sa isang lugar na maraming bata, tapos hahamunin namin ng suntukan. Ang siste, hahanap ng isang matapang ang isang grupo at sa amin siyempre si Arman. Matatapos ang away na walang makikialam sa laban ng dalawang piniling kinatawan ng bawat grupo, uuwi kaming masaya dahil hindi nagpapatalo si Arman.

Kasama ko si Arman sa mga batang palaging naliligo sa pantalan, ginagawang diving board ang mga nakadaong na barko. Isang beses muntik na kaming barilin ng guwardiya. Ito ang panahong inaangkin pa ng William, Gothong at Aboitiz ang malaking bahagi ng transportasyon sa mga barkong pandagat sa aming lugar. At ang Negros Navigation pa ang alam naming barkong naglalayag papuntang Maynila. Wala pang Super Ferry noon na ngayo'y 2GO. Hindi pa uso ang promo sa mga eroplano. Mahal ang pamasahe. Kaya sa barko madalas nagkakasya ang mga nais lumipad. Higit sa lahat, di biro ang makapunta ng Maynila. Maunlad pa ang pamumuhay ng marami sa mga Iliganon sapagkat nasa kasiglahan noon ang taguring Industrial o Boom City of the South dahil sa dami ng pagawaang itinayo sa aming syudad. Matatag pa ang paggawa ng bakal sa National Steel Corporation (NSC). Umuusok pa ang malalaking tambutso ng malalaking planta ng bakal at iba pang pabrika dahil sa mura nitong kuryente na nagmumula sa Maria Cristina Hydroelectric power Plant. Madalas ang pagpunta namin sa pantalan, kasama si Arman para maligo, at magsaya, doon din nabubuo ang aming mga pangarap na balang-araw makakasakay kami sa barkong lagi naming inaakyat. Sa barkong ginawa naming diving board. Si Arman at sampu ng aming mga kaibigan, nangangarap na balang araw, makakapunta din sa Maynila at umaasang makahanap ng mas malaking espasyong magbibigay ng mas maginhawang pamumuhay.

Isang araw, nagulantang na lang kaming lahat sa balitang nawala daw si Arman, at mayroong kapitbahay na nakapagsabing umalis daw si Arman sakay sa barkong bumabyahe pa-Maynila. Hindi pa masyadong istrikto ang pantalan ng panahong iyon, maaari kang sumalisi sa barko; magtago sa kubeta at saan man bahagi sa barko na hindi makikita ng mga tripulante. Hindi na tumalon si Arman sa barkong dati'y diving board namin. Tuluyan na siyang sumakay sa barko. Gustong-gusto ni Arman na makipagsapalaran sa Maynila, ang lugar na inaakala niyang magdadala sa kanya sa alon ng tagumpay. Labindalawang taong gulang pa lang si Arman nang ginawa niya ito.

Matapang si Arman, hindi siya natatakot sa mga bagay na maaaring mangyari sa kanya pagdating sa Maynila bagama't maraming balitang hindi biro ang buhay dito. Hindi katulad ko nang sabihin sa akin na mag-aaral ako ng doktorado sa Unibersidad ng Pilipinas ay umatras ako dahil sa takot sa pag-aaral, siguridad, at sa mga bagay na maaaring harapin ko sa Maynila. O baka dahil mahilig lang akong manood ng balita sa telebisyon, makikita mo palagi ang masikip na trapiko, sirang MRT, saksakan, rambolan ng mga sasakayan at iba pang kinatatakutan ko. Sa mga panahong iyon, naalala kong muli si Arman. Humahanga ako sa determinasyon at katapangan ni Arman, lalo na sa pagtunton sa direksyon ng kanyang mga pangarap. Nang matuloy na ang aking pag-aaral sa U.P mabigat ang loob ko, lalo na nang sumakay na ako sa eroplano pa-Maynila, para akong isang preso na binabyahe papunta sa kulungan at mananatili sa loob ng apat na taon. Kahit pa kung tutuusin, mas may dahilan ang aking pagpunta sa Maynila hindi katulad kay Arman na biglaan at maaring walang kaseguruhan, ngunit alam kong mas malakas ang loob ni Arman kaysa sa akin.

Unang pagtuntong ko sa Maynila, habulan,

siksikan sa MRT, napakaingay ng mga dispatcher sa Philcoa, maraming nagtitinda sa ilalim ng overpass, kailangan mabilis ang kilos at hindi pwede ang mabagal kumilos at mag-isip. Unang linggo ko sa unibersidad walang humpay na lungkot ang aking naramdaman, minsan natutulala, umabot sa puntong nilagnat ako. Iniisip kong sadyang mahina lang siguro talaga ang loob ko. Muli kong naisip si Arman, nalungkot at nilagnat din kaya siya nang makarating sa Maynila? May nakapagsabi na kapitbahay namin na nagtitinda daw siya ng tsinelas sa Maynila. Ngayon, sa tuwing mamamasyal kami ng kasamahan ko dorm sa Quezon City Memorial Circle na malapit lang sa U.P., sa simbahan ng Quiapo, Mall of Asia, at Luneta, Baclaran, Divisoria, tinitingnan ko ang mukha ng mga taong nakakasalubong lalo na ang mga tindero't tindera sa lugar. Nagbabakasakaling baka nandoon sa lugar si Arman. May mga kapitbahay na rin akong nagpunta sa Maynila at nagtagumpay, mayroong naging guro at mayroon ding nakapag-asawa ng Hapones pero iba si Arman sa mga taong ito, kung tapang lang ang pag-uusapan. Kaya pakiwari ko, maunlad at maganda ang buhay ni Arman dito sa Maynila.

Sa tuwing uuwi ako sa aming bayan, bibisita talaga ako sa merkado. Hinahanap at kinukumusta ang mga kababata, marami na rin ang umalis sa lugar na dati naming tahanan noong aming kabataan. Matagumpay na rin ang iba sa kanilang buhay, at mayroon ding nanatili pa sa merkado marahil dahil mas masaya sila rito o kaya dahil masikip ang espasyo sa labas ng merkado para sa kanila. Sa bawat pagdaan ko sa merkadong yon, unti-unti na ring nagbago ang dating tagpuan naming magkakaibigan, kasama ni Arman. Na-demolish na ang mga tindahang tinirhan ng karamihan ng mga batang merkado. Ganoon pa man patuloy akong nagtatanong-tanong kung nakabalik ba dito si Arman.

Nagugulumihan din ako, bakit ko patuloy na hinahanap si Arman. Ako kaya hinahanap niya? Naisip ko, dahil lang ba sa pagkakaibigan namin ang dahilan ng aking paghahanap sa kanya. Sapat na ba kaya sa akin kung malaman kong nasa maayos ang kanyang kalagayan, sa kabila ng marami kong pangamba bilang baguhan dito sa Maynila? Sapat na ba kung malaman kong mas maunlad at matagumpay na ang buhay ni Arman, gaya ng pangarap niya noong aming kabataan sa harap ng barko sa pantalan? O paano ang aking gagawin kong ang lahat ng iniisip ko para sa kanya ay kabaliktaran pala? Di kaya nahihirapan siya dito sa Maynila? Minsan sumagi sa isip ko, di kaya kasamang natokhang si Arman sa marahas na pamamalakad ng pamahalaan ngayon? Di kaya sa iskwater nakatira si Arman at kasama siya sa mga na-demolish na mga tahanan? Saan kaya si Arman? matagumpay na kaya siya at isa siya sa mga kawaning matatagpuan sa mga naglalakihang gusali nitong Kamaynilaan? Marami akong tanong. Marami akong haka-haka. Ngunit may isang sagot akong nabuo sa aking mga tanong. Di kaya ang katatagan ni Arman sa pagsuong sa walang kaseguruhang buhay at bukas ang aking hinahanap? Di kaya ang uri ng sigasig at tapang ni Arman ang aking hanap? Kung tutuusin, kung edukasyon ang hagdan ng tagumpay sa buhay, mas may lamang ako kay Arman. Grade 4 lamang ang inabot ni Arman. Ngunit alam kong sa kabila ng lahat, mas mataas at malakas ang kanyang sigasig at tatag.

Kailan kaya ako matatapos sa paghahanap kay Arman tulad ng maraming mga pangyayari na kailangan mahanapan ng sagot? Sa malawak at maingay na siyudad, nasaan kaya siya? Nasa loob ba siya ng nagtatayugang mga gusali? Kasintayog na ba ng mga gusaling ito ang kanyang naabot na tagumpay? O kaya'y nasa likod siya ng mga natatayugang gusali na halos hindi ko na mahagilap ang istruktura ng kanyang tinitirhan. Sana nasa mabuting kalagayan si Arman, sana kinaya niya ang init ng ulo ng mga taong naiipit sa masikip na traffic, sa habulan at siksikan sa MRT. Sana'y maayos ang kanyang kalagayan sa gitna ng magulong espasyo ng maunlad na Kamaynilaan.,

Saan ko kaya mahahanap si Arman? Ang paghahanap ko sa kanya ngayo'y isang pagbabaliktanaw sa katapangan at determinasyon niya sa buhay. Kapag nahanap ko na si Arman nagtagumpay man siya o wala, muli kong sasariwain sa kanya ang buhay namin sa merkado, sa pantalan at sa barkong ginawa naming diving board. Sasariwain ko sa kanya ang magandang mga alaala at magandang mga karanasan na nabuo namin habang umiikot

sa espasyo ng merkado. Umaasa akong ang pagkikita nami'y pag-uugnay sa magkahiwalay na espasyo ng daigdig na dating binuo sa mga katulad naming Batang Merkado. Ang pagkikita nami'y isang pag-uugnay at pagbabalik halaga sa dati naming tagpuan, at muling pagpapaalaala sa isang magandang panahon ng aming nakaraan. Ang aming pagtatagpo ay muling pagdidiin na ang katatagan at determinasyon ang isa sa mga susi ng pagkakamit ng tagumpay. Ang pagtatagpo naming muli, ang pagpapabatid ko sa kanya na maaring umunlad din kahit sa sariling lugar lamang.

Bagama't hindi na pwedeng pumasok ngayon sa pantalan, wala ng mga batang naliligo at umaakyat sa barko, wala na rin ang barkong inaakyatan namin ni Arman, na matagal nang nawala ang barkong yaon dahil sa pinagsanib na korporasyon ng mga nagmamay-ari ng barko. Patuloy kong bubuhayin ang alaala namin ni Arman, kahit pa tahimik na ang pantalan. Nagbago na ang anyo ng tabing dagat at ng merkado, nademolish na ang mga tindahan napalitan na ng ibang kabataan ang espasyo namin sa merkado. Ngunit mananatili ang alaala ng mga batang merkado na kapanahunan namin ni Arman. Mananatili ang mga mga karanasang nagbigay sa amin ng iba-ibang aral sa buhay. Mananatili higit sa lahat ang alaala ni Arman, ang katapangan at katatagan sa kabila ng maliit at masikip na espasyo ng merkado.

Sana mahanap ko na si Arman. ▪

Si **Delfin H. Mundala Jr.** ay kasalukuyang nag-aaral ng Doktorado sa Malikhaing Pagsulat sa Unibersidad ng Pilipinas. Siya ay nakatira sa Lungsod ng Iligan sa Mindanao na bagahe mismo ang karanasan bilang boses sa haraya ng pagsulat, sa mga alingawngaw ng pagsabog at umiiyak na puso sa eksenang nakakatawa ay pasekretong lumilikha ng akda. Siya rin ay nagtuturo ng Filipino sa Mindanao State University–Iligan Institute of Technology at miyembro ng Bathalad-Mindanao (Bathalan-ong Halad sa Dagang) 2015 at LUDABI (Lubas sa Dagang Bisaya) 2017. Kasalukuyang binubuo ang HIMUGSO-KOLEKTIBO, grupo ng kabataang nagsisimulang tahakin ang mundo ng pagsulat na taga-Iligan. Naging fellow sa sa 24th Iligan National Writers Workshop 2017 sa kasagsagan ng giyera sa Marawi at Martial Law sa Mindanao.